Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ABRIL 2, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Bryan R. Lateo . . . . . . . . . Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Jun M. Asinas . . . . . . . . . Kagawad
Kgg. Roselon F. Pamatmat . . . . . . . . . Kagawad
Kgg. Virgilio T. Ciriaco . . . . . . . . . Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco . . . . . . . . . Kagawad
Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. . . . . . . . . . Kagawad
Kgg. Alden A. Sulit . . . . . . . . . Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay

DI-DUMALO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS . . . . . . . . . PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Narciso A. Cayos . . . . . . . . . Kagawad
Kgg. Alan T. Pamatmat . . . . . . . . . Kagawad
Kgg. Mike Jomel M. Ombico . . . . . . . . . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

**KAPASIYAHAN BLG. 076-T'07**

**KAPASIYAHANG NIRARATIPIKA ANG "DEED OF DONATION" PARA SA PAGLILIPAT SA PAMAHALAANG BAYAN NG MGA DAAN SA NASASAKUPAN NG T. G. CRUZ SUBDIVISION, BRGY. SANTO ANGEL NORTE, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

SAPAGKA'T, may liham na ipinadala si Dr. Teresita G. Cruz sa Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na humihiling na ilipat at ipagkaloob na sa pamahalaang bayan ang pamamahala sa mga daan (road lots) na nasasakop ng T. G. Cruz Subdivision, Brgy. Santo Angel Norte ng bayang ito;

SAPAGKA'T. ang naturang paglilipat – pamamahala ay isinagawa sa pagitan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na kumakatawan sa pamahalaang bayan at T. G. Cruz, bayang ito;

SAPAGKA'T, ang mga naturang daang magsisilbing donasyon o ipagkakaloob sa pamahalaang bayan na kinabibilangan ng mga sumusunod:

| Road lot | TCT No. | Area | Width |
|---|---|---|---|
| 1 | T – 113493 | 1,824 sq. m | 8 meters |
| 2 | T – 113494 | 748 sq. m | 6 meters |
| 3 | T – 113495 | 487 sq. m | 4 meters |
| 4 | T – 113496 | 506 sq. m | 4 meters |
| 5 | T – 113497 | 872 sq. m | 6 meters |
| 6 | T – 113498 | 718 sq. m | 6 meters |

SAPAGKA'T, matapos ang pagtalakay at malaman ang layunin ng paglilipat sa kapakanang pangkagalingan at pangkabutihan ng mga mamamayang nakatira sa naturang sabdibisyon ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Lupain at Sabdibisyon na ilipat at ipagkaloob na sa pamahalaang bayan ang pagmamay-ari ng naturang sabdibisyon.

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Serafin C. San Juan, Jr., Roselon F. Pamatmat at Virgilio T. Ciriaco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHANG: Ratipikahin ang "Deed of Donation" para sa paglilipat sa pamahalaang bayan ng mga daan sa nasasakupan ng T. G. Cruz Subdivision, Brgy. Santo Angel Norte, Santa Cruz, Laguna.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Tangapan ng Pambayang Tagataya at Gng. Teresita G. Cruz, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: KGG. BRYAN R. LATEO
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan